**MEDIA INTERVIEW AT NAIA TERMINAL 3**
Pasay City
June 3, 2025

(00:00:00)
**PRESIDENT FERDINAND R. MARCOS JR.:** Good afternoon everyone.

As you know, we just made an inspection. The reason why is meron kaming ina-assess na bago pang project para sa ating airport dito sa Maynila para pabilisin ang pagdaloy ng ating mga travellers both in and out lalong-lalo na ang mga OFW.

Noong pinag-aaralan namin at pinag-uusapan namin, ika ko, the best way is to go and look for myself. Kayat nandito tayo. At tinitignan ko at masasabi ko naman na marami na rin talaga tayong nakitang pagbabago. Especially, again, I'm always concerned dahil sa totoo naman ang mga tiga labas, mga dayuhan na pumupunta rito kung sila ba'y business traveler, sila'y turista. Mabilis ang kanilang pagdaan sa airport at nakakalabas.

Iyong OFW ang inaala namin. At kitang kita naten na marami na ang mga pagbabago and the facilities for the OFW ay gumanda na. Ito na rin si Sec. Boying, because we looked at the immigration systems para malaman kung ano pa iyong pwede nating pagandahin.

So, I have also been hearing feedback especially, after Christmas that may improvement talaga na nakita dito sa airport. And I wanted to see it for myself. So not only was I able to see it for myself, but I also heard from the chairman of NNIC that we— of all of the new continuing plans that he has to expand the airport so that we are able to handle and process more passengers, more travelers, more tourists et cetera, and to make the experience as pleasant as possible.

Alam naman natin ang tourism industry ang isa sa ating dinedevelop. Dapat ang experience ng mga bibisita sa atin hindi naman napakahirap. Hindi sila nagdudusa na nag-aantay ng matagal. Wala silang makain. Wala silang maistambayan. Naayos na nila ngayon iyan.

So, I'm very happy to see that there's progress. Hindi pa tapos ito. Maraming-marami pang gagawin ang ating concessionaire dito sa airport. And I'm looking forward to seeing those. Mabilis naman gumalaw ang chairman at saka ang ating Secretary Vince.

So I'm very optimistic that we will see the results of those plans soon. All right sige. [applause]

Yes.

MARIZ UMALI (GMA 7): Mr. President, Mariz Umali po of GMA Integrated News.

Una po sa lahat, Mr. President, how does the development of these facilities especially, the dedicated OFW facilities here at the NAIA Terminal 3 align with your administration's broader commitment to supporting Overseas Filipino Workers especially in terms of the queues?

And isunod ko na rin po agad, Mr. President, what specific feedback have you received from the OFWs upon seeing all these. You were able to talk to them a while ago.

(00:03:22)
**PRESIDENT FERDINAND R. MARCOS JR.:** Yes. Well, of course, they have facilities now that they didn't have before. But even more importantly I think in the facilities, we're trying to make life easier for them na mabilis nga. Hindi sila hinahanapan ng kung ano-anong ID.

Iyong DMW is already providing an ID so that it's very easy for them to identify themselves. So isa lang ang dala nila. Makapasok sila sa lounge. Maka-avail sila ng services. At mabilis ang pagdaan sa kanila. Hindi na hinahanapan ng kung anong certificate, iyng QR code o ID et cetera, et cetera. iyong mukha na lang nila, soon, malapit na. Mukha na lang nila. Ayun na. Hindi na kailangang bumunot ng passport. Hindi na kailangan. Soon. Magkakaroon na tayo nyan.

KAYCEE VALMONTE (Rappler) : Hello. I'm Kaycee from Rappler.

I just wanted to ask, Mr. President, how much or can you give a ballpark figure nung… How much iyong terminal enhancement fees ng foreign airlines? Terminal enhancement fees of airlines?

**PRES. MARCOS JR.:** The terminal fee?

KAYCEE VALMONTE: Yes.

**PRES. MARCOS JR.:** Oh, halika ikaw ang sumagot.

MR. RAMON ANG (Chairman, Philippine Airlines): Iyon pong terminal fee ng international passenger starting next year it will be 950 pesos; iyong domestic naman 450 pesos. At magugulat po kayo sa probinsya nga international passenger will have to pay 800 pesos. Dito P950 lang.

At grabe ang service dito. Napakalaki pa ng facilities. Salamat po.

Nakita niyo ba iyong mga tulugan pahingahan ng OFW Lounge? At saka libre ang pagkain. At saka ang OFW meron sariling immigration. Sariling line, kaya hindi na sila naantala. Mabilis ang kilos.

**PRES. MARCOS JR.:** Ayos, yes. So that is…We have one more. [applause]

KATRINA DOMINGO: Sir, good afternoon, Katrina Domingo from ABS CBN News. Sir, you mentioned about a facial recognition feature that will be rolled out soon. Can you give us more details about this program? Kailan po ang target? Magkano po ang gagastusin ng gobyerno? Will it be rolled out to OFW or for the general public as a whole?

(00:05:52)
**PRES. MARCOS JR.:** Well, no. That is the whole idea of the PPP and this is the biggest PPP that the country has ever done. And by the way it was the fastest that we were able to do because I pushed it very, very hard. At mabuti naman that meron tayong mga partners kagaya ni Chairman Ramon Ang na handang tumulong.

You know, if we look at the financials of this project hindi kikita ang NNIC for a long time. Pero alam ko— that's why we have entered into a PPP precisely on the principle and on the idea that because the government does not have the funding or it does not have complete funding, we go into partnership with private enterprise. And the private sector takes the financial risk.

The government takes the political risk. If you can call it that. Basically to provide the land, to provide all the permits, to provide all the licenses et cetera.

And whatever incentives can be negotiated between the private partner and the government.

So, these are ongoing by… We will see even more construction by the end of the year already. Iyong mga dinadaanan ng…You can see inumpisahan na iyong pagdaan ng mga sasakyan, iyong mga hindi taxi but iyong hired cars nasa ilalim na. Kaya maganda na iyong sistema.

And I've been through this airport. I don't know how many times. And it's the nicest that I've seen the airport in 20, 30 years.

So, we'll keep going in that path. Thank you. [applause]

EDEN SANTOS (Net 25): Good afternoon, Mr. President. Follow up lang po doon sa facial recognition. Eden Santos from Net 25.

Makakatulong po ba ito ng malaki para maiwasan na po iyong problema ng ating mga OFW doon sa mga passport po nila?

(00:08:10)
**PRES. MARCOS JR.:** Yes. That's what I was saying. Meron tayo. Kaya naman napunta ako rito dahil simula niyong usapan tungkol nga dyan kung papaano padaliin para sa ating mga OFW. Kasi kagaya nang nasabi ko as of now noong Pasko nga naramdaman na lalo na iyong mga umuuwing Pilipino lalong-lalo na iyong mga bisita natin. Pero yung OFW nahirapan pa rin. Kaya't iyan ang pinag-uusapan namin so kaya kami napunta rito.

But as I said we are trying to make their life as easy as possible dahil they've been working for a long time, years. Ngayon lang sila uuwi. Ilang araw lang silang nandito. Kaya dapat pagandahin naman natin ang bakasyon nila.

And that is what we are doing. And we are trying to canvass the best technology that we can find para to make iyon na nga— para maging madali ang pagpasok labas ng ating mga OFW at lahat ng ating mga bisita, at ang mga domestic passengers pati.

All right. Maraming salamat.

Magandang hapon sa inyo. Thank you. (applause)
(00:09:24)

***

BAGONG PILIPINAS